

(タガログ語版)



Lungsod ng Ube

# 外国人住民のための 生活ガイドブック

Librong Gabay sa Pamumuhay para sa mga Dayuhang Residente



## Talaan ng mga Nilalaman

<b>1. Pagpapakilala sa Lungsod ng Ube</b>	<b>..... 4</b>
<b>2. Talahanayan na mabilis matignan para sa mga tanggapan</b>	<b>..... 5</b>
(1) [ Paglipat papasok sa lungsod at pagpasok sa bansa ]	
Mga prosesong isasagawa kapag magpaparehistro bilang residente	..... 5
(2) [ Sa panahon ng pananatili ]	
Mga proseso kung nakarehistro na bilang isang residente	..... 8
(3) [ Paglipat palabas ng lungsod at paglabas ng bansa ]	
Mga proseso sa paglipat ng rehistro ng residente palabas ng lungsod	..... 10
<b>3. Mga impormasyong kailangan sa pamumuhay</b>	<b>..... 12</b>
(1) Mga prosesong magagawa sa city hall, atbp.	
① Rehistro ng residente	..... 12
A. Paglipat papasok sa lungsod at pagpasok sa bansa	12
B. Paglipat ng tirahan sa loob ng lungsod	13
C. Paglipat palabas ng lungsod at paglabas sa bansa	13
D. Pagkuha ng residence certificate	13
② Kasal at diborsyo	..... 14
A. Kasal	14
B. Diborsyo	14
③ Panganganak at pagkamatay	..... 15
A. Panganganak	15
B. Kamatayan	15
④ Rehistro ng selyo ng pangalan	..... 16
⑤ National pension	..... 16
⑥ National Health Insurance	..... 17
⑦ Medikal na sistema para sa mga lubhang matatanda	..... 17
⑧ Insurance para sa pangmatagalang pag-aalaga	..... 17
⑨ Welfare para sa mga taong may kapansanan	..... 18
⑩ Pagpapalaki ng anak	..... 18
⑪ Pagbubuntis at pag-aalaga ng bata	..... 18
⑫ Tubig at sewerage system	..... 18
⑬ Pabahay ng munisipalidad	..... 18
⑭ Buwis	..... 19
⑮ My Number	..... 20

(2) Mga proseso sa pribadong kumpanya	
① Kuryente .....	21
② Gas .....	21
③ Mobile phone .....	21
④ Bayad sa NHK .....	21
⑤ Koreo .....	21
(3) Iba pang mga kailangang impormasyon	
① Pamamahala sa kalusugan .....	22
② Medikal .....	22
③ Paghahanap ng trabaho .....	22
④ Transportasyon .....	23
⑤ Samahan ng mga residente .....	25
⑥ Pagtatapon ng basura .....	25
⑦ Pag-aaral ng wikang Hapon .....	26
⑧ Pagmamaneho ng sasakyan .....	26

<b>4. Pagtugon sa emerhensiya</b>	<b>..... 27</b>
(1) Sakit at pinsala .....	27
(2) Sunog .....	27
(3) Aksidente sa trapiko at krimen .....	27
(4) Lindol .....	28
(5) Malakas na ulan sa panahon ng tag-ulan .....	28
(6) Bagyo at mataas na tubig sa dagat .....	28
<b>5. Telepono ng mga pampublikong pasilidad sa loob ng lungsod</b>	<b>..... 30</b>
<b>6. Mga lugar na maaaring kumonsulta maliban sa Lungsod ng Ube</b>	<b>..... 33</b>

# 1. Pagpapakilala sa Lungsod ng Ube

## Posisyon at kalikasan

Ang Lungsod ng Ube ay matatagpuan sa timog-kanlurang bahagi ng Yamaguchi Prefecture sa kanlurang dulo ng Honshu, na katabi ang Lungsod ng Sanyo-Onoda sa kanluran, Lungsod ng Yamaguchi sa silangan, Lungsod ng Mine sa hilaga, at ang Seto Inland Sea sa timog.

Ang JR Sanyo Main Line at JR Ube Line ay tumatakbo mula silangan hanggang kanluran, ang Sanyo Expressway ay tumatawid sa gitnang bahagi ng lungsod, ang baybayin ay may Ube Port, na isang mahalagang daungan, ang Yamaguchi-Ube Airport ay malapit din sa lungsod, atbp, ang transportasyon sa lupa, dagat at himpapawid ay maayos.

Mainit-init ang klima ng Seto Inland Sea na medyo kaunti ang ulan, ang mga burol sa hilaga ng sentro ng lungsod ay puno ng masaganang kalikasan at tahanan ng iba't ibang mga hayop at halaman.

Dahil ang timog ay nakaharap sa dagat, ito ay pinagpala ng kayamanan ng bundok at dagat. Ang Ilog ng Makoto at Ilog ng Atsuto ay dumadaloy sa lugar ng lungsod, at mayroon itong isang mahalagang tabing-dagat.



### 《 Data ng Lungsod ng Ube 》

Populasyon	163,550 katao (Noong katapusan ng Mayo 2020)
Bilang ng sambahayan	79,669 na sambahayan (Noong katapusan ng Mayo 2020)
Lawak ng lugar	286.65 square kilometer
Average na temperatura	16.1°C (Panahon ng istatistika Taong 2002-2020)



UBE Biennale Sculpture Hill



Tokiwa Zoo




Tokiwa Plant Museum



Fujigochi Tea Plantation



Fireworks Festival ng Lungsod ng Ube



Kiwa La Beach

## 2. Talahanayan na mabilis matignan para sa mga tanggapan

(1) [ Paglipat papasok sa lungsod at pagpasok sa bansa ] Mga prosesong isasagawa kapag magpaparehistro bilang residente

Mga prosesong isinasagawa sa city hall, atbp.

Proseso	Nilalaman	Pahina ng mga detalye	Departamentong namamahala at saan makakapagtanong	Telepono
Rehistro ng residente	Kapag ang isang taong may katamtaman hanggang sa pangmatagalang status ng residente ay pumasok sa Japan, kapag lumipat sa Lungsod ng Ube mula sa ibang munisipalidad o kapag nakatira sa Lungsod ng Ube na bagong kwalipikado bilang isang katamtaman hanggang pangmatagalang residente, kailangan magparehistro.	12	Public Affairs Division  Namamahala sa pagrehistro ng mga pinapasang notipikasyon	0836-34-8238
Rehistro ng selyo ng pangalan	Maaaring kailangan ito para sa mga kontrata, atbp.	16		
National pension	Ang mga taong 20 taong gulang hanggang bago maging 60 taong gulang na pumasok sa Japan at nakarehistro bilang residente (hindi kasama ang mga miyembro ng employee's pension at ang kanilang mga dependent na asawa) ay nakatala sa national pension. Dalhin lamang ang residence card upang makumpleto ang proseso ng pagpatala.	16	National Insurance and Pension Division  Namamahala sa national pension	0836-34-8292
National Health Insurance at ang medikal na sistema para sa mga lubhang matatanda	Kung wala kayong ibang medical insurance, sasapi sa National Health Insurance. Ang mga taong mula 75 taong gulang naman ay naka-insured sa medikal na sistema para sa mga lubhang matatanda. Dalhin lamang ang residence card upang makumpleto ang proseso ng pagpatala.	17	National Insurance and Pension Division Namamahala sa National Health Insurance  National Insurance and Pension Division Namamahala sa medikal na sistema para sa mga lubhang matatanda	0836-34-8294  0836-34-8343
Insurance para sa pangmatagalang pag-aalaga	Ang mga taong 65 taong gulang o higit pa na naaangkop tumanggap ng insurance para sa pangmatagalang pag-aalaga ay padadalhan ng insurance certificate card ng insurance para sa pangmatagalang pag-aalaga sa sumusunod na ibang araw.	17	Senior Citizens Support Division  Namamahala sa insurance para sa pangmatagalang pag-aalaga	0836-34-8297

Pagpapalaki ng anak (allowance at medikal), pamilyang nag-iisa ang magulang	May kasong ang mga pamilyang nagpapalaki ng mga bata ay maaaring makatanggap ng mga allowance at medikal na tulong. Kinakailangan iproseso ang aplikasyon.	18	Child Care Support Division	0836-34-8330
Nursery School	Kinakailangang iproseso upang makapasok sa nursery school.	-	Nursery, Kindergarten and School Children Division	0836-34-8327
Elementarya at Junior High School	Magtanong lamang sa Board of Education o sa paaralan.	-	School Education Division	0836-34-8609
Tubig at sewerage system	Kailangan na magbigay ng notipikasyon upang magamit.	18	Waterworks Bureau Sales Division	0836-21-2304
Bisikletang may motor (Motorsiklo, atbp.) Buwis ng magagaang na sasakyan (batay sa klasipikasyon)	Kung ang lokasyon ng paradahan ng mga motorsiklo (bisikletang may motor) na ang kapasidad ay 125cc o mas kaunti at maliliit na mga espesyal na sasakyan pang-agrikultura ay nasa Lungsod ng Ube, plaka ng numero na inisyu ng Ube City Hall ang ikakabit. Upang iparehistro o baguhin ang pangalan ng may-ari ng mga motorsiklo na may kapasidad na 126cc o higit pa, iproseso lamang sa Yamaguchi Transport Bureau (telepono: 050-5540-2073). Para sa mga motorsiklo at magagaang na sasakyan, nagbabayad ng buwis para sa magagaang na sasakyan (batay sa klasipikasyon) ng isang beses sa isang taon.	19	Tax Administration Division	0836-34-8197

Mga prosesong isinasagawa sa pribadong sektor

Proseso	Nilalaman	Pahina ng mga detalye	Departamentong namamahala at saan makakapagtanong	Telepono
Bisikleta	Kapag bumibili ng bisikleta, tiyaking iparehistro ito sa tindahang binilhan para sa pag-iwas sa krimen. Kapag ninakaw ang iyong bisikleta, ipaalam kaagad ito sa pulisiya. Kapag binigay lamang sa inyo ang bisikleta, irehistro lamang ito para sa pag-iwas sa krimen.	-	Mga tindahan ng bisikleta  Pulisiya	0836-22-0110
Kuryente	Kailangang iproseso upang magamit.	21	The Chugoku Electric Power Company, Inc. Ube Sales Office	0120-613-270
Gas	Kailangang iproseso upang magamit.		Kompanya ng gas	

(2) [ Sa panahon ng pananatili ] Mga proseso kung nakarehistro na bilang isang residente  
Mga prosesong isinasagawa sa city hall, atbp.

Proseso	Nilalaman	Pahina ng mga detalye	Departamentong namamahala at saan makakapagtanong	Telepono
Rehistro ng residente	Kapag lumipat kayo sa Lungsod ng Ube, isagawa lamang ang proseso sa loob ng 14 na araw mula sa araw na nagsimula kayong manirahan sa inyong bagong tirahan.	12	Public Affairs Division Namamahala sa pagrehistro ng mga pinapasang notipikasyon	0836-34-8238
Pagkuha ng residence certificate	Dokumento na nagpapatunay sa inyong pangalan, tirahan, nasyonalidad, atbp. Kailangan ang bayad para makakuha.	13	Public Affairs Division Nagbibigay ng mga sertipiko	0836-34-8243
Kasal	Kapag ang isang dayuhan ay ikakasal sa Japan, ipagbigay-alam sa parehong city hall at embahada o konsulado ng sariling bansa sa Japan. Ang ipapasang mga dokumento ay naiiba kung ang kasal ay nasa pagitan ng mga dayuhan o sa pagitan ng isang dayuhan at isang Hapon.	14	Public Affairs Division Namamahala sa rehistro ng pamilya	0836-34-8237
Diborsyo	Para sa diborsyo sa pagitan ng mga dayuhan, makipag-ugnay lamang sa embahada o konsulado ng sariling bansa sa Japan. Ipagbigay-alam naman ang diborsyo sa pagitan ng isang dayuhan at isang Hapon sa parehong city hall at embahada o konsulado ng sariling bansa sa Japan. Ang ipapasang mga dokumento ay naiiba kung ang diborsyo ay nasa pagitan ng mga dayuhan at kung sa pagitan ng isang dayuhan at Hapon.	14		
Panganganak	Kapag nanganak, ipasa lamang ang Notipikasyon ng Kapanganakan sa loob ng 14 na araw mula sa araw na ipinanganak	15		
Kamatayan	Kapag ang isang miyembro ng pamilya o isang taong kasama ninyong naninirahan ay namatay, ipasa lamang ang notipikasyon ng kamatayan sa loob ng 7 araw mula sa araw na malaman ninyong siya ay namatay.	15		



Mga prosesong isinasagawa maliban sa city hall, atbp.

Proseso	Nilalaman	Pahina ng mga detalye	Departamentong namamahala at saan makakapagtanong	Telepono
Pagkawala ng pasaporte	Kapag ang inyong pasaporte ay nawala o ninakaw, ipagbigay-alam ito sa istasyon ng pulisyang malapit sa inyo, at humiling na mabigayan ng isang "sertipiko ng notipikasyon ng pakawala (pagnanakaw)". Dalhin ang sertipikong ito sa embahada o konsulado ng sariling bansa sa Japan at magpagawa muli ng pasaporte. Tawagan ang embahada, atbp nang maaga upang matiyak kung ano ang kailangang mga bagay.	-	Ube Police Station  Embahada o konsulado ng inyong bansa sa Japan	0836-22-0110
Pagkawala ng Residence Card (sertipiko ng rehistro ng dayuhan)	Kapag nawala o ninakaw ang inyong Residence Card (sertipiko ng rehistro ng dayuhan), magpagawa muli sa Immigration Bureau. Tawagan ang Immigration Bureau nang maaga upang malaman kung ano ang kailangang mga bagay.	-	Hiroshima Regional Immigration Bureau Shimonoseki Branch Office	083-261-1211
Pagkawala ng notification card o My Number Card	Kapag nawala o ninakaw ang inyong notification card o My Number card (tingnan ang pahina 20 para sa mga detalye), ipagbigay-alam ito sa istasyon ng pulisyang malapit sa inyo, at humiling na mabigayan ng isang "sertipiko ng notipikasyon ng pakawala (pagnanakaw)". Para sa muling pagpagawa ng My Number Card, makipag-ugnay lamang sa city hall.	-	Ube Police Station  Public Affairs Division Namamahala sa pagrehistro ng mga pinapasang notipikasyon	0836-22-0110  0836-34-8238

(3) [ Paglipat palabas ng lungsod at paglabas ng bansa ] Mga proseso sa paglipat ng rehistro ng residente palabas ng lungsod

Proseso	Nilalaman	Pahina ng mga detalye	Departamentong namamahala at saan makakapagtanong	Telepono
Rehistro ng residente	Kapag lumipat sa ibang munisipalidad, ipagbigay-alam ang paglipat sa Lungsod ng Ube. Dalhit ang binigay ng Lungsod ng Ube na Sertipiko ng Paglipat at isagawa ang proseso ng paglipat sa lilipatang munisipalidad. Kapag lalabas naman sa Japan, isagawa ang proseso nang maaga.	12	Public Affairs Division Namamahala sa pagrehistro ng mga pinapasang notipikasyon	0836-34-8238
Rehistro ng selyo ng pangalan	Kapag kayo ay mayroon kard ng rehistro ng selyo ng pangalan, ibalik lamang ito.	16		
National pension	Walang prosesong kailangang gawin.	16	National Insurance and Pension Division Namamahala sa national pension	0836-34-8292
National Health Insurance at ang medikal na sistema para sa mga lubhang matatanda	Ibalik lamang ang insurance card. Aayusin ang bayad sa insurance kaya isagawa lamang ang proseso.	17	National Insurance and Pension Division Namamahala sa National Health Insurance  National Insurance and Pension Division Namamahala sa medikal na sistema para sa mga lubhang matatanda	0836-34-8294  0836-34-8343
Insurance para sa pangmatagalang pag-aalaga	Ibalik lamang ang kard ng insurance para sa pangmatagalang pag-aalaga.	17	Senior Citizens Support Division Namamahala sa insurance para sa pangmatagalang pag-aalaga	0836-34-8297
Pagpapalaki ng anak (allowance at medikal), pamilyang nag-iisa ang magulang	Kapag tumatanggap kayo ng subsidyong pang-medikal na gastos, ibalik lamang ang inyong sertipiko bilang benepisyaryo.	18	Child Care Support Division	0836-34-8330
Nursery School	Magpasa lamang ng notipikasyon na hihinto sa nursery school.	-	Nursery, Kindergarten and School Children Division	0836-34-8327
Elementarya at Junior High School	Makipag-ugnay lamang sa paaralan.	-	School Education Division	0836-34-8609
Tubig at sewerage system	Kailangang magbigay ng notipikasyon na ipapaputol ang serbisyo.	18	Waterworks Bureau Sales Division	0836-21-2304

Bisikletang may motor (Motersiklo, atbp.) Buwis ng magagaang na sasakyan (batay sa klasipikasyon)	Ibalik lamang ang plaka ng numero ng Lungsod ng Ube sa city hall bago lumipat o umalis sa Japan. Sa paggawa nito, dalhin lamang ang selyo ng inyong pangalan. Kung sa loob ng Japan kayo lilipat, maaari ninyong isagawa ang proseso sa munisipyong lilipatan. Kung nais ninyong ibigay ito sa ibang tao, isagawa ang prosesong kailangan.	19	Tax Administration Division	0836-34-8197
Ang pagtalaga ng tagapangasiwa ng buwis	Ipagbigay-alam lamang kung mayroong anumang buwis na babayaran sa Lungsod ng Ube bago umalis sa Japan.	20		

\*Ang tagapangasiwa ng buwis . . . Isang taong hinirang upang iproseso ng pambansang buwis at mga lokal na pagdeklara ng buwis kapag ang tirahan ay wala sa Japan

Mga prosesong isinasagawa sa pribadong sektor

Proseso	Nilalaman	Pahina ng mga detalye	Departamentong namamahala at saan makakapagtanong	Telepono
Bisikleta	Kung nais ninyong ibigay ang inyong bisikleta sa ibang tao, tanggalin lamang ang rehistro para sa pag-iwas sa krimen at irehistro para sa pag-iwas sa krimen ang bagong may-ari. Kung nais ninyong itapon ang inyong bisikleta, tanggalin lamang ang rehistro para sa pag-iwas sa krimen.	-	Mga tindahan ng bisikleta	
Kuryente	Kinakailangang iproseso ang pagtigil ng serbisyo.	21	The Chugoku Electric Power Company, Inc. Ube Sales Office	0120-613-270
Gas	Kinakailangang iproseso ang pagtigil ng serbisyo.		Kompanya ng gas	

### 3. Mga impormasyong kailangan sa pamumuhay

(1) Mga prosesong isinasagawa sa city hall, atbp.

① Rehistro ng residente (Public Affairs Division, Namamahala sa pagrehistro ng mga pinapasang notipikasyon Telepono: 0836-34-8238)

A. Paglipat papasok sa lungsod at pagpasok sa bansa

Kapag ang isang taong may katamtaman hanggang sa pangmatagalang status ng residente (asawa ng Hapon, pangmatagalang residente, permanenteng residente, atbp.) ay nagumpisang tumira sa Lungsod ng Ube o bagong kwalipikado bilang isang katamtaman hanggang pangmatagalang residente, magparehistro lamang sa Public Affairs Division ng City Hall. Isagawa ang rehistro ng residente sa loob ng 14 na araw mula sa araw na nagsimulang manirahan.

Halimbawa ng kasong kailangan magproseso	Mga bagay na kailangan sa pagproseso
<ul style="list-style-type: none"> <li>- Dumating sa Japan</li> <li>- Lumipat mula sa ibang munisipalidad</li> <li>- Nakakuha ng katamtaman hanggang sa pangmatagalang status ng residente</li> </ul>	<ul style="list-style-type: none"> <li>- Ang Residence Card ng lahat ng taong lilipat</li> <li>- Ang pasaporte ng lahat ng taong lilipat (Kapag hindi pa nabibigyan ng Residence Card)</li> <li>- Sertipiko ng Paglipat *1</li> <li>- Ang Basic Resident Register Card or My Number Card, alinman sa dalawa *1</li> <li>- Kapag pumunta kayo sa Japan kasama ang inyong pamilya, ang orihinal na dokumento at ang salin nito na nagpapatunay sa inyong relasyon (maunawaan ang kaugnayan ng pamilya) *2</li> <li>- Selyo ng pangalan (hindi kailangan kapag nilagdaan ng magpapasa)</li> <li>- Power of attorney (kapag ang magpoproseso ay isang kinatawan)</li> </ul>

\*1 Para sa mga lilipat lamang.

\*2 Hindi kailangan kapag matitiyak sa Sertipiko ng Paglipat, atbp.

B. Paglipat ng tirahan sa loob ng lungsod

Kapag lumipat ng tirahan sa loob ng Lungsod ng Ube, kailangang ipagbigay-alam ang paglipat. Ang pagbigay-alam ng paglipat ay kailangang gawin sa loob ng 14 na araw mula sa araw ng pagtira sa bagong tirahan.

Halimbawa ng kasong kailangan magproseso	Mga bagay na kailangan sa pagproseso
- Lumipat sa loob ng Lungsod ng Ube	- Residence Card - Ang Basic Resident Register Card or My Number Card, alinman sa dalawa - Selyo ng pangalan (hindi kailangan kapag nilagdaan ng magpapasa) - Sa pagbigay-alam ng paglipat ng mga sambahayan na may dayuhang miyembro, ang orihinal na dokumento at ang salin nito na nagpapatunay sa inyong relasyon (maunawaan ang kaugnayan ng pamilya) - Bagay na nakasulat ang address ng lumang tirahan tulad ng National Health Insurance Certificate at kard ng insurance para sa pangmatagalang pag-aalaga. - Power of attorney (kapag ang magpoproseso ay isang kinatawan)

C. Paglipat palabas ng lungsod at paglabas sa bansa

Kapag lalabas sa bansa o lumipat sa ibang munisipalidad, kailangan ipagbigay-alam. Ang Sertipiko ng Paglipat ay kailangan upang irehistro ang residente sa bagong munisipalidad na titirahan.

Halimbawa ng kasong kailangan magproseso	Mga bagay na kailangan sa pagproseso
- Lalabas sa bansa - Lilipat sa ibang munisipalidad	- Residence Card - Selyo ng pangalan (ang taong may selyo) - Selyo ng pangalan (hindi kailangan kapag nilagdaan ng magpapasa) - Power of attorney (kapag ang magpoproseso ay isang kinatawan)

D. Pagkuha ng residence certificate

Isulat ang address ng tirahan at pangalan ng aplikante, ang address ng tirahan at pangalan ng taong nangangailangan nito, atbp. Sa "kahilingan para sa pagbigay ng kopya ng rehistro ng residente" na makukuha sa counter at ipasa ito sa counter.

Sa counter, kukumpirmahin ang pagkatao ng aplikante.

② Kasal at diborsyo  
(Public Affairs Division, Namamahala sa rehistro ng pamilya Telepono: 0836-34-8237)

A. Kasal

Upang maisagawa ang isang kasal sa ilalim ng batas ng Hapon, dapat magpasa ng isang Notipikasyon ng Kasal sa city hall. Ang mga dokumentong kinakailangan para mairehistro ito ay ang mga sumusunod, ngunit maaaring kailanganin ang karagdagang mga dokumento. Para sa mga detalye tungkol sa paraan ng pagsulat at mga kailangang dokumento, makipag-ugnay lamang sa Public Affairs Division ng City Hall.

Mga bagay na kailangan kapag parehong dayuhan ang ikakasal	Mga bagay na kailangan kapag isang dayuhan at isang Hapon ang ikakasal
<ul style="list-style-type: none"> <li>- Notipikasyon ng Kasal</li> <li>- Sertipiko ng pagtupad sa mga kinakailangan sa kasal</li> <li>- Sertipiko ng Nasyonalidad</li> <li>- Bagay na makakapagpatunay sa pagkatao na may litrato tulad ng Residence Card, pasaporte, atbp.</li> </ul>	<ul style="list-style-type: none"> <li>- Notipikasyon ng Kasal</li> <li>&lt;Sa tao na ang nasyonalidad ay Hapon&gt; <ul style="list-style-type: none"> <li>- Rehistro ng Pamilya (para sa mga tao na ang permanenteng tirahan ay nasa labas ng lungsod)</li> <li>- Dokumentong maaaring magamit upang mapatunayan ang pagkatao (ang mga may larawan ng mukha na inisyu ng isang pampublikong tanggapan at nasa loob pa ng petsa na may bisa)</li> </ul> </li> <li>&lt;Sa tao na ang nasyonalidad ay banyagang bansa&gt; <ul style="list-style-type: none"> <li>- Sertipiko ng pagtupad sa mga kinakailangan sa kasal</li> <li>- Sertipiko ng Nasyonalidad</li> <li>- Bagay na makakapagpatunay sa pagkatao na may litrato tulad ng Residence Card, pasaporte, atbp.</li> </ul> </li> </ul>

Ang mga dokumentong nakasulat sa mga wikang hindi Hapon ay dapat na samahan ng salin sa wikang Hapon. (Sa salin sa wikang Hapon, dapat nakalagay ang tirahan, pangalan, at selyo ng tagasalin.) Kinakailangan ang dalawang saksing may sapat na gulang sa Notipikasyon ng Kasal. Kung mayroong selyo ng pangalan, dalhin lamang ito kapag ipinasa ang notipikasyon. Maliban dito, kailangang ipagbigay-alam ng mga dayuhan sa kanilang embahada o konsulado upang mairehistro ang kanilang kasal sa kanilang sariling bansa.

\*Kapag binago ang pangalan ng dayuhang asawa pagkatapos ng kasal ng isang dayuhan at isang Hapon, kailangan magpasa ng kahilingan na palitan ang pangalan ng dayuhang asawa na nakalista sa rehistro ng pamilya ng asawa sa Japan. Ibigay sa Hapong asawa ang dokumentong nagpapatunay na pinalitan ang pangalan at samahan ito ng salin sa wikang Hapon upang maisama sa pagpasa ng kahilingan.

B. Diborsyo

Upang maisagawa ang isang diborsyo sa ilalim ng batas ng Hapon, dapat magpasa ng isang Notipikasyon ng Diborsyo sa city hall.

Ang mga dokumentong kinakailangan ay naiiba batay sa nasyonalidad kaya makipag-ugnay lamang sa Public Affairs Division ng City Hall at embahada o konsulado ng sariling bansa para sa mga detalye tungkol sa paraan ng pagsulat at mga kailangang dokumento.

③ Panganganak at kamatayan

(Public Affairs Division, Namamahala sa rehistro ng pamilya Telepono: 0836-34-8237)

A. Panganganak

Kapag nanganak, ipagbigay-alam lamang ang kapanganakan sa loob ng 14 na araw mula sa araw na ipinanganak. Ang form ng [Notipikasyon ng Kapanganakan] ay matatanggap kasama ang [Sertipiko ng Kapanganakan] sa ospital na pinanganakan.

Halimbawa ng kasong kailangan magproseso	Mga bagay na kailangan sa pagproseso
- Nanganak	- Notipikasyon ng Kapanganakan - Sertipiko ng Kapanganakan - Selyo ng pangalan ng taong nagpabigay-alam - Libreta ng Ina at Anak (Libreta ng Kalusugan ng Magulang at Anak) - National health insurance card (ang kasapi)

\*Upang tuluyang makapanatiling tumira sa loob ng bansa ang pinanganak na bata, kailangang kumuha ng pahintulot upang manatili rito. Mag-aplay para sa pahintulot upang manatili rito sa Immigration Bureau ng Japan (Hiroshima Immigration Bureau, Shimonoseki Branch Office Telepono: 083-261-1211) sa loob ng 30 araw mula ipinanganak.

B. Kamatayan

Kapag ang isang miyembro ng pamilya o isang taong kasama ninyong naninirahan ay namatay, ipagbigay-alam lamang ang kamatayan sa loob ng 7 araw mula sa araw na malaman ninyong siya ay namatay. Kailangan ding ipagbigay-alam sa embahada o konsulado ng bansa ng namatay. Ang form ng [Notipikasyon ng Kamatayan] ay matatanggap kasama ang [Sertipiko ng Kamatayan] na ginawa sa ospital na kinamatayan o ng manggagamot na nagkumpira ng kamatayan.

Halimbawa ng kasong kailangan magproseso	Mga bagay na kailangan sa pagproseso
- Namatay ang isang miyembro ng pamilya o isang taong kasama ninyong naninirahan	- Notipikasyon ng Kamatayan - Sertipiko ng Kamatayan - Selyo ng pangalan ng taong nagpabigay-alam

\*Ibalik ang Residence Card o Sertipiko ng Especial na Permanenteng Residente sa Immigration Bureau ng Japan (Hiroshima Immigration Bureau, Shimonoseki Branch Office Telepono: 083-261-1211), sa loob ng 14 na araw mula sa araw na namatay.

- ④ Rehistro ng selyo ng pangalan (City Hall, Public Affairs Division, Namamahala sa pagrehistro ng mga pinapasang notipikasyon Telepono: 0836-34-8238)
- Ang selyo ng pangalan ay isang mahalagang bagay na gumaganap ng parehong papel sa isang lagda. Halimbawa, ang isang kontrata upang bumili ng bahay o sasakyan ay maaaring mangailangan ng isang rehistradong selyo at isang sertipiko ng pagpaparehistro ng selyo. Ang isang rehistradong selyo ay isang selyo na nakarehistro sa city hall. Isang selyo lamang ang maaaring mairehistro ng bawat tao. Hindi maaaring gumamit ng parehong selyo bilang isang tunay na selyo ang ilang tao. Tandaan lamang na ang mga selyo na maaaring mairehistro ay ang mga pangalan, karaniwang pangalan, at mga pangalan sa letang katakana na nakarehistro sa rehistro ng residente. Ang mga maaaring makapagparehistro ng isang selyo ay ang mga taong mula 15 taong gulang na ang rehistro ng residente sa nasa Lungsod ng Ube.
- Kapag pinarehistro ang selyo, bibigyan ng isang [Sertipiko ng Pagparehistro ng Selyo (kard)]. Kapag kailangan kumuha ng sertipiko na rehistrado ang selyo, dalhin lamang ang [Sertipiko ng Pagparehistro ng Selyo (kard)].

Taong magsasagawa ng proseso	Mga bagay na kailangan	Mga bagay na dapat pag-ingatan
Ang sarili	<ul style="list-style-type: none"> <li>- Ang ipaparehistrong selyo</li> <li>- Bagay na makakapagpatunay sa pagkatao na may litrato tulad ng Residence Card, pasaporte, atbp.</li> <li>- Bayad sa pagproseso</li> </ul>	Kapag gumawa ng isang bagong selyo upang iparehistro, makipag-ugnay lamang sa city hall nang maaga upang malaman kung ito ay isang selyo na maaaring mairehistro.
Kinatawang tao	<ul style="list-style-type: none"> <li>- Ang ipaparehistrong selyo</li> <li>- Bagay na makakapagpatunay sa pagkatao na may litrato tulad ng Residence Card, pasaporte, atbp.</li> <li>- Selyo ng kinatawang tao</li> <li>- Notipikasyon sa paghirang ng kinatawan</li> <li>- Bagay na makakapagpatunay sa pagkatao ng kinatawan</li> <li>- Aplikasyon sa pagrehistro ng selyo</li> <li>- Aplikasyon sa pagkuha ng sertipiko na rehistrado ang selyo.</li> </ul>	Kapag ang isang tao ay hindi maaaring mag-aplay dahil sa sakit o iba pang hindi maiwasang mga dahilan, maaari siyang mag-aplay na gamit ang isang kinatawan. Makipag-ugnay lamang sa, namamahala sa pagrehistro ng mga pinapasang notipikasyon sa Public Affairs Division ng City Hall. Bilang karagdagan, hindi maaaring magrehistro sa parehong araw.

- ⑤ National pension (City Hall, National Insurance and Pension Division, Namamahala sa national pension Telepono: 0836-34-8292)
- Ang national pension ay isang pampublikong pensiyon na pinamamahalaan ng paamahalaan. Ang mga taong 20 taong gulang hanggang bago maging 60 taong gulang na pumasok sa Japan at nakarehistro bilang residente (hindi kasama ang mga miyembro ng employee's pension at ang kanilang mga dependent na asawa) ay nakatala sa national pension.
- Ang mga pampublikong pensiyon, maliban sa pensiyon para sa matatanda, may pensiyon para sa may kapansanan at pensiyon para sa namatayan na ibinibigay.
- Ang binabayad sa national pension ay mga 17,000 yen sa isang buwan. Kung nabayaran ito ng 6 na buwan o higit pa kapag aalis na sa Japan, maaaring makatanggap ng isang lump-sum na pera kapag isagawa ang proseso sa loob ng 2 taon pagkatapos umalis sa Japan.
- Para naman sa mga mabababang ang kita na nahihirapang magbayad sa national pension, may sistema na maaaring mag-aplay upang mapatawad o mapaliban ang pagbayad kapag naaprubahan.



- ⑥ National Health Insurance (City Hall, National Insurance and Pension Division, Namamahala sa National Health Insurance Telepono: 0836-34-8294)  
 Ang National Health Insurance ay isang sistema ng insurance sa lipunan upang mapayapa ang kaisipang makatanggap ang bawat isa ng pangangalagang medikal kung sakaling magkaroon ng karamdaman o pinsala.  
 Tinutugunan nito ang mga taong wala pang 75 taong gulang na nanatili sa Japan ng higit sa 3 buwan at walang medical insurance sa trabaho. Ang halaga ng bayad sa insurance ay batay sa kita at dapat bayaran.  
 Ipagbigay-alam lamang sa city hall kapag sasapi o lalabas sa National Health Insurance. Kapag nahuli ang inyong notipikasyon sa pagsapi, maaaring hindi magamit ang insurance sa naturang panahong, at maaaring kailangang bayaran ang buong singil sa pagpapagamot kung sakaling magkaroon ng biglaang sakit o pinsala.  
 Isang [health insurance card] ang ibibigay sa mga sumapi sa National Health Insurance. Tiyak na dalhin lamang ang inyong [health insurance card] kapag magpapatinging sa ospital, atbp. Sa pamamagitan ng pagpapakita ng [health insurance card], maaari makatanggap ng medikal na pagpapagamot sa halagang ayon sa edad at kita. Bilang karagdagan, kapag nanganak o namatay, o kapag kailangang magbayad ng malaking halaga sa mga gastos sa pagpapagamot, maaaring makatanggap ng tulong sa mga gastos sa pagpapagamot sa pamamagitan ng pagbigay-alam sa city hall.  
 Ang mga taong mula sa 40 taong gulang na kasapi sa National Health Insurance ay maaaring makatanggap ng mga tukoy na medikal na pagsusuri para sa maagang pagtuklas ng mga sakit ugnay sa pamumuhay at pag-iwas sa kanilang paglala.  
 Para sa mga detalye tungkol sa mga proseso at sistema, makipag-ugnay lamang sa namamahala sa National Health Insurance sa National Insurance and Pension Division ng City Hall.
- ⑦ Medikal na sistema para sa mga lubhang matatanda (City Hall, National Insurance and Pension Division, Namamahala sa medikal na sistema para sa mga lubhang matatanda Telepono: 0836-34-8343)  
 Ang sistemang medikal para sa mga lubhang matatanda ay isang sistemang medikal para sa mga matatanda na mapayapa ang kaisipang makatanggap ng pangangalagang medikal. Ang lahat ng mga taong mula 75 taong gulang na ang tirahan ay nasa lungsod (hindi kasama ang mga panandaliang residente na may panahon ng pananatili ng hanggang 3 buwan at ang mga taong tumatanggap ng tulong sa pangkabuhayan) ay na-insured.  
 At kahit na ang mga taong mula 65 hanggang 74 na taong gulang ay maaaring mag-aplay at sumapi kapag mayroong kapansanan (tulad ng Antas 1 hanggang Antas 3 sa Physical Disability Certificate). Isang insurance card ang ibibigay sa bawat tao. Kapag ipinakita ang insurance card kapag nagpatingin sa isang institusyong medikal, ang bahaging babayaran sa mga gastos sa medikal ay 10% o 30%. Ang bahaging babayaran at ang halaga ng bayad sa insurance ay batay sa kita, atbp.
- ⑧ Insurance para sa pangmatagalang pag-aalaga (City Hall, Senior Citizens Support Division, Namamahala sa insurance para sa pangmatagalang pag-aalaga Telepono: 0836-34-8297)  
 Ang sistema ng pangmatagalang pag-aalaga ay isang sistema upang suportahan ang pangangalaga ng mga matatanda hindi lamang ng kanilang pamilya kundi pati na rin ng lipunan bilang kabuuan. Ang mga mananatili sa Japan ng higit sa 3 buwan at higit sa 40 taong gulang ay tinutugunan. Kapag kailangan ng pangangalaga dahil nakaratay na lamang sa kama o pagkakaroon ng demensya, o kapag kailangan ng tulong sa pang-araw-araw na buhay, maaari mag-aplay para sa sertipikasyon ng pangmatagalang pag-aalaga at makatanggap ng mga serbisyo sa pangangalaga kapag naaprubahan. Ang halaga ng bayad sa insurance ay batay sa kita, atbp.

- ⑨ Welfare para sa mga taong may kapansanan (City Hall, Disabled Citizen's Welfare Division, Namamahala sa disability certificate at medikal Telepono: 0836-34-8314)  
Nagbibigay ng iba't ibang uri ng suporta tulad ng konsulta, allowance, pangangalagang medikal, mga welfare na serbisyo para sa may kapansanan, paggamit ng mga welfare na pasilidad, atbp, para sa may kapansanan sa katawan at kaisipan. Ang mga may kapansanan sa katawan ay makakatanggap ng [Certificate of a Person with Physical Disabilities], ang mga may kapansanan sa intelektual naman ay [Rehabilitation Certificate], at para sa mga may mga paghihigpit sa pang-araw-araw o panlipunang buhay dahil sa sakit sa kaisipan, ang [Mental Illness Health and Welfare Handbook].
- ⑩ Pagpapalaki ng anak (allowance at medikal), pamilyang nag-iisa ang magulang (City Hall, Child Care Support Division, Namamahala sa allowance at medikal Telepono: 0836-34-8330)  
Para sa mga pamilyang may mga bata hanggang sa junior high school, may sistema na nagbibigay ng allowance para sa bata at tulong sa mga medikal na gastusin.  
Ang mga pamilyang nag-iisa ang magulang na nagpapalaki sa mga bata hanggang 18 taong gulang ay may allowance sa pagpapalaki ng anak at sistema sa pagtulong sa pang-medikal na gastos para sa pamilyang nag-iisa ang magulang.  
Ang mga espesyal na allowance sa pagpapalaki ng bata para sa mga pamilyang nagpapalaki ng mga bata na wala pang 20 taong gulang na may kapansanan sa katawan at kaisipan.  
Mayroong mga limitasyon sa kita batay sa sistema. Para sa mga detalye tungkol sa mga proseso at sistema, makipag-ugnay lamang sa Child Care Support Division ng City Hall.
- ⑪ Pagbubuntis at pag-aalaga ng bata (City Hall, Children and Young People Support Division (Multi-generation Community Center) Telepono: 0836-31-1732)  
Kung nabuntis, kumuha ng [Form ng Notipikasyon sa Pagbubuntis] mula sa isang medikal na institusyon. Dalhin ang [Form ng Notipikasyon sa Pagbubuntis] at isagawa ang mga proseso sa namamahala ng Child Care Comprehensive Support Center (Child Care General Comprehensive Support Center Ube Hapi) sa Children and Young People Support Division ng Lungsod ng Ube, at kunin ang Libreta ng Kalusugan ng Magulang at Anak (Libreta ng Kalusugan ng Ina at Anak), ang tiket para sa pagsuri ng kalusugan ng buntis, atbp.  
Ang Libreta ng Kalusugan ng Magulang at Anak (Libreta ng Kalusugan ng Ina at Anak) ay ginagamit sa pagtala ng mahahalagang bagay tulad ng katayuan ng pagbubuntis, katayuan ng panganganak, paglaki at pag-tubo ng bata hanggang sa paaralan, mga pagsusuri sa kalusugan, pagbabakuna, atbp.  
Kapag kailangan ng Libreta ng Kalusugan ng Ina at Anak sa sariling wika, kumonsulta lamang.
- ⑫ Tubig at sewerage system  
(Waterworks Bureau, Sales Division, Namamahala sa counter Telepono: 0836-21-2304)  
Kapag nais gamitin o ipapaputol ang serbisyo ng tubig, makipag-ugnay lamang sa Sales Division ng Waterworks Bureau nang maaga.  
Kapag sinimulan ang paggamit ng tubig, babayaran ang singil sa tubig minsan sa bawat dalawang buwan.  
At sa paggamit din ng sewerage system, babayaran din ang singil ng sewerage system minsan bawat dalawang buwan depende sa dami ng ginamit na tubig.
- ⑬ Pabahay ng munisipalidad (City Hall, Urban Planning and Housing Division, Namamahala sa pabahay ng munisipalidad Telepono: 0836-34-8427)  
Ang pabahay ng munisipalidad ay isang pabahay na pinapatakbo ng Lungsod ng Ube, at ang renta ay batay sa kita.  
Ang regular na pagtanggap para sa pabahay ng munisipyo ay Abril, Hulyo, Oktubre at Enero bawat taon.  
Kung nais tumira sa pabahay, makipag-ugnay lamang sa namamahala sa pabahay ng munisipalidad sa Urban Planning and Housing Division ng City Hall.

⑭ Buwis

Sa mga buwis, may buwis na kinokolekta ng bansa at may buwis na kinokolekta ng prefecture at lungsod.

Pinapatawan ng [buwis sa kita (pambansang buwis)] at [buwis ng residente (buwis ng prefecture at buwis ng lungsod)] ang kita ng mga idibidwal na tao at ang mga korporasyon, ang mga gusali, lupa, atbp na mga ari-arian ay pinapatawan ng [buwis ng ari-arian (buwis ng lungsod)] at [buwis sa pagplano ng lungsod (buwis ng lungsod)]. Dagdag nito, ang mga sasakyan at motorsiklo ay pinapatawan ng [buwis ng sasakyan (buwis ng prefecture)] o [buwis ng magagaang na sasakyan (buwis ng lungsod)] batay sa kapasidad ng sasakyan.

Ang lahat na mga buwis ay may takdang panahon upang bayaran, padadalhan ng isang paalala kapag nahuli sa pagbabayad, at dagdag sa buwis sisingilin ng dagdag na halaga para sa paalala at sa pagkahuli ng pagbabayad. Kapag hindi pa rin nagbayad kahit na binigyan na ng paalala, maaaring sapilitan na ipabenta ang ari-arian upang makabayad.

● Buwis sa kita (Ube Tax Office Telepono: 0836-21-3131)

Kinakailangang iulat ang kita sa loob ng isang taon mula Enero 1 hanggang Disyembre 31 bawat taon sa tax office at tiyakin ang buwis sa kita (pambansang buwis).

Ang mga kumikita ng higit sa 20 milyong yen na taunang sahod, ang mga walang buwis na nabawas mula sa buwanang sahod, ang mga tumatanggap ng sahod mula sa dalawa o higit pang mga employer, ang may kita bilang karagdagan sa sahod (maliban kung ang kita maliban sa sahod ay 200,000 yen o mas mababa pa), atbp, isang panghuling paguulat ng kita ang dapat gawin sa pagitan ng Pebrero 15 at Marso 15 ng susunod na taon.

Makipag-ugnay lamang sa Ube Tax Office para sa mga kinakailangang dokumento para sa pag-file ng huling pag-uulat ng kita.

● Buwis ng residente (buwis ng residente ng lungsod at buwis ng residente ng prefecture) (City Hall, Tax Administration Division Telepono: 0836-34-8187)

Batay sa kita ng nakaraang taon, ang buwis ng residente ng lungsod at buwis ng residente ng prefecture ay magkasama na babayaran bilang buwis ng residente sa lungsod kung nasaan ang tirahan noong Enero 1.

Kung hindi nabawas ang buwis ng residente sa sahod, makakatanggap ng isang notipikasyon sa pagbabayad ng buwis mula sa city hall tuwing Hunyo. Gamitin lamang ang notipikasyon sa buwis na ito upang bayaran ang buwis ng residente

● Buwis ng sasakyan (batay sa klasipikasyon) (Yamaguchi Prefecture Ube Prefectural Tax Office Telepono: 0836-21-2111)

Kapag nagmamay-ari ng isang sasakyan (hindi kasama ang mga magagaang na sasakyan) sa ika-1 ng Abril bawat taon, babayaran ang buwis ng sasakyan (batay sa klasipikasyon) (buwis ng prefecture) sa prefecture. Tuwing Mayo, makakatanggap ng isang notipikasyon sa pagbabayad ng buwis mula sa prefectural tax office. Gamitin lamang ang notipikasyon sa buwis na ito upang bayaran ang buwis ng sasakyan (batay sa klasipikasyon).

Ang [resibo (sertipiko sa pagbabayad ng buwis)] ay kailangan upang maisagawa ang tuluyang inspeksyon ng sasakyan (inspeksyon ng sasakyan). Itago lamang ang resibo sa isang ligtas na lugar.

● Buwis ng magagaang na sasakyan (batay sa klasipikasyon) (City Hall, Tax Administration Division Telepono: 0836-34-8197)

Kapag nagmamay-ari ng motorsiklo o magagaang na sasakyan (\*) sa ika-1 ng Abril ng bawat taon, babayaran ang buwis ng magagaang na sasakyan (batay sa klasipikasyon, buwis sa lungsod) sa

lungsod. Gamitin lamang ang notipikasyon ng buwis na ipinapadala tuwing Mayo mula sa city hall upang bayaran.

Itago lamang ang natanggap na [sertipiko sa pagbabayad ng buwis ng magagaang na sasakyan (batay sa klasipikasyon) (para sa tuluyang inspeksyon ng sasakyan)] dahil kailangan ito upang maisagawa ang tuluyang inspeksyon ng sasakyan (inspeksyon ng sasakyan).

\*Magagaang na sasakyan . . . Tatlong gulong at apat na gulong na mga sasakyang ang kapasidad ay hanggang 660 cc, na dilaw ang plaka ng numero. (May kasong hindi dilaw ang plaka ng numero tulad ng mga commemorative number plate.)

- Buwis ng ari-arian at Buwis sa pagplano ng lungsod (City Hall, Property Tax Division  
Telepono: 0836-34-8191)

Ang mga nagmamay-ari ng mga ari-arian (lupa, mga gusali, mahahalagang mga ari-arian (makina, aparato at kagamitan na ginagamit para sa negosyo, mga gusali (maliban sa mga bahay), sasakyan, barko, atbp, kasangkapan, kagamitan at kagamitang nakapirmi)) sa Lungsod ng Ube sa Enero 1 ng bawat taon ay magbabayad ng buwis ng ari-arian at buwis sa pagplano ng lungsod (buwis na nilalapat sa mga lupa at gusali sa isang bahagi ng lungsod). Gamitin lamang ang notipikasyon ng buwis na ipinapadala tuwing Abril mula sa city hall upang bayaran.

Makipag-ugnay lamang kung mayroong pagbabago sa nabubuwisang ari-arian dahil sa pagbebenta o pagsira.

- Ang pagtalaga ng tagapangasiwa ng buwis

Upang maproseso ang lahat ng mga bagay na nauugnay sa pagbabayad ng buwis pagkatapos umalis sa bansa, magtalaga lamang ng isang tagapangasiwa ng buwis mula sa mga taong ang tirahan ay nasa Japan at ipagbigay-alam ito.

[Tungkol sa pagbabayad]

Ang mga bayad sa health insurance, sa paggamit ng mga serbisyo, at buwis ay maaaring bayaran sa mga pinansyal na institusyon sa lungsod, sa pangunahing tanggapan, sangay o maliliit na tanggapan ng city hall, at sa mga convenience stores sa lungsod. Bayaran lamang gamit ang papel ng pagbabayad.

- ⑮ My Number (City Hall, Public Affairs Division, Namamahala sa pagrehistro ng mga pinapasang notipikasyon Telepono: 0836-34-8238)

- My Number

Ang mga taong naninirahan sa Japan ay binibigyan ng [My Number (personal na numero)]. Ang bilang na ito ay naiiba para sa bawat tao. Mga isang buwan pagkatapos ipasa ang notipikasyon ng paglipat, ang [notification ng personal na numero] ay ipapadala na simpleng nakarehistrong sulat sa pamamagitan ng koreo.

- My Number Card

Ito ay isang plastic IC card upang makumpirma inyong My Number at pagkatao, at upang makatanggap ng iba't ibang mga serbisyong pang-administratibo. Ito ay ibinibigay kung hihilingin at ang bayad sa unang paghiling ay libre.

Ang card ay may bisa ng 10 taon (5 taon para sa mga menor de edad) at ang elektronikong sertipiko na nakalagay sa kard ay may bisa ng 5 taon.

(2) Mga proseso sa pribadong kumpanya

① Kuryente

Kapag nais gamitin ang kuryente, magtanong lamang sa kumpanya ng real estate o may-ari ng bahay.

Kapag nais mag-aplay nang direkta, makipag-ugnay lamang sa Chugoku Electric Power Company, Inc., Ube Sales Office (Telepono: 0120-613-270). Sinisingil ang mga bayarin buwan-buwan.

② Gas

Kapag nais gamitin ang gas, magtanong lamang sa kumpanya ng real estate o may-ari ng bahay.

Kapag nais mag-aplay nang direkta, makipag-ugnay lamang sa kumpanya ng gas o dealer ng gas.

Makipag-ugnay din sa kumpanya ng gas o dealer ng gas tungkol sa mga bayarin at mga pamamaraan ng pagbayad.

③ Mobile Phone

Kapag nais gumamit ng isang mobile phone, bilhin lamang ito sa isang tindahan ng mobile phone, atbp.

Magtanong lamang sa tindahan, atbp tungkol sa mga paraan ng pagbabayad.

④ Bayad sa NHK

(Kasunduan: Telepono 0120-151515, bayad sa panunood: Telepono 0570-077-077)

Ang NHK ay isang publikong taga-broadcast. Kung nagmamay-ari ng telebisyon, kailangang magbayad ng bayad sa panunood.

Makipag-ugnay lamang sa NHK para sa mga proseso ng kasunduan at mga pamamaraan ng pagbayad.

⑤ Koreo

Kapag nagpasa ng isang notipikasyon ng paglipat sa post office kung nagbago ang tirahan, ang mga ipinadala sa lumang tirahan ay maihahatid din sa bagong tirahan sa loob ng isang taon mula sa araw na ipinasa ang notipikasyon ng paglipat. \*Sa loob lamang ng Japan

(3) Iba pang mga kailangang impormasyon

① Pamamahala sa kalusugan (Health Promotion Division ng City Hall (Ube City Health Center)

Telepono: 0836-31-1777)

Upang manatiling malusog ang parehong katawan at kaisipan, pag-ingatan lamang ang sumusunod na mga bagay.

- Regular na magpasuri sa kalusugan.
- Mag-ingat sa pollen allergy sa tagsibol, heat stroke sa tag-init, at mga epidemya ng trangkaso sa taglamig.
- Panatilihin ang isang malinis na kapaligiran upang maiwasan ang sakit dahil sa mga kondisyon na hindi malinis.

② Medikal

Maaaring magpatingin sa medikal sa mga institusyon anumang oras. Magpasya sa isang "hospital ng pamilya" malapit sa iyong tirahan nang maaga.

(Daloy ng pagpapatingin)

1. Magpatanggap	Sabihin sa tauhan ng reception kung unang pagpapatingin o kasunurang pagpapatingin. Kapag unang pagpapatingin, sasagutan ang isang medikal na palatanungan at ipakita ang medical insurance card. Kapag kasunurang pagpapatingin, ibigay and medical examination card o isulat ang pangalan sa reception book.
2. Magpatingin	Kapag tinawag ang pangalan, pumasok sa examination room at magpatingin.
3. Magbayad at tanggapin ang reseta	Pagkatapos magpatingin, bayaran ang singil sa counter ng bayaran. May kasong binibigyan ng gamot ngunit kadalasan bibigyan lamang ng reseta. Dalhin ang reseta sa botika at kumuha ng gamot. May bayad ang mga gamot. Kapag nais ipagpatuloy ang pagpapagamot, tiyakin lamang ang sunod na araw ng pagpapatingin.

\*Kapag pinaghigpitan ang paggamot dahil sa mga kadahilanang panrelihiyon, dati nang sakit, atbp, kumonsulta sa doktor bago magsimula ang paggamot.

Makipag-ugnay lamang sa Ube City Holiday and Night Emergency Clinic (Telepono: 0836-31-1099) kapag ang ospital ay hindi bukas o para sa emerhensiyang pagpapagamot sa mga araw na pista opisyal at gabi.

③ Paghahanap ng trabaho

Kapag ang isang dayuhan ay magtatrabaho sa Japan, kailangan niya ng isang status of residence na nagpapahintulot sa kanya na magtrabaho, o kumuha ng pahintulot sa Immigration Bureau (Hiroshima Immigration Bureau, Shimoseki Branch Office Telepono: 083-261-1211) na makapagtrabaho kahit na hindi pinahihintulutan ng hawak na status of resident. Tignan muna kung maaaring magtrabaho sa hawak na status of residence.

Kapag maghahanap ng trabaho, makipag-ugnay lamang sa [Hello Work Ube (Telepono: 0836-31-0164)].

#### ④ Transportasyon

##### A. Bus

Pagsakay, kumuha ng isang tiket na may bilang mula sa makina na nakalagay sa sasakyan. Kapag bumaba, ilagay ang singil ng numero ng tiket (ipinapakita sa harap ng sasakyan) sa kahon ng singil sa tabi ng upuan ng drayber. Walang ibibigay na sukli, kaya gamitin ang exchange machine sa sasakyan upang ihanda ang eksaktong halaga. Ganoon din kapag magbabayad gamit ang isang tiket. Maaaring mabili ang mga tiket mula sa drayber.

Sa loob ng sasakyan, inaanunso ng sunod na hihintuan, kaya kung nais bumaba, pindutin ang button para sa pagbaba upang ipaalam sa driver.

##### B. Tren

Bago sumakay, tignan ang presyo sa listahan ng presyo at bumili ng tiket sa vending machine sa istasyon. Ibigay lamang ang tiket sa kawani ng istasyon sa gate ng tiket ng istasyong bababaan, o ilagay ito sa kahon ng koleksyon.

##### C. Taksi

Kapag nais gumamit ng taksi, itaas ang kamay upang mapahinto ang taxi o makipag-ugnay sa bawat kumpanya ng taksi upang tumawag ng isang taksi. Sabihin lamang sa drayber ang patutunguhan kapag sumakay.

<< Ang matatawagan upang makipag-ugnay sa mga pampublikong transportasyon >>

Bus	Transportation Bureau ng Lungsod ng Ube	Telepono: 0836-31-1133
	Funaki Railways (Sentetsu Bus)	Telepono: 0836-67-0321
	Sanden Kotsu (Ozuki Office)	Telepono: 083-282-0606
JR (Tren)	JR Ube Shinkawa Station	Telepono: 0836-31-1050
Taksi	Chuo Kotsu	Telepono: 0836-21-0121
	Suzuran Taxi	Telepono: 0836-21-2105
	Ube Sanden Taxi	Telepono: 0836-44-1144
	Seibu Tomoe Taxi	Telepono: 0836-31-3185
	Tokiwa Taxi	Telepono: 0836-21-4141
	Ube Sogo Taxi	Telepono: 0836-31-1733
	Ube Kounai Taxi	Telepono: 0836-32-2222
	Ube Daiichi Kotsu	Telepono: 0836-33-3511
	Orient Kotsu	Telepono: 0836-33-7799
Funaki Kotsu	Telepono: 0836-67-0238	

#### D. Mga patakaran ng trapiko

- Sa Japan, ang mga sasakyan, motorsiklo at bisikleta ay nagmamaneho sa kaliwang bahagi, at ang mga naglalakad ay dumadaan sa kanang bahagi.
- Mahigpit na pinaparusahan ang pagmamaneho na naka-inom ng alak.
- Mahigpit na pinaparusahan ang pagmamaneho na walang lisensya.
- Hindi dapat gumagamit ng isang mobile phone habang magmamaneho.
- Kumuha lamang ng insurance sa sasakyan at bisikleta.

#### (Mga patakaran ng trapiko para sa mga naglalakad)

- Dumaan lamang sa bangketa.
- Sa mga lugar na walang bangketa, lumakad sa kanang gawi ng kalsada.
- Kapag tumatawid ng kalsada, gamitin ang tawiran para sa mga tao o ang overpass na tawiran.
- Huwag tumawid kapag may karatula sa pagbabawal ng pagtawid.
- Sa mga interseksyon na may mga ilaw ng trapiko, siguraduhing ang mga ilaw ng trapiko sa iyong direksyon ay naging berde bago tumawid. Kapag ang berdeng ilaw para sa mga naglalakad ay kumikislap, huwag tumawid.
- Siguraduhing huminto at maghintay kapag may tunog ng alarma ng tumatawid na tren sa tawiran ng riles o kapag ang hadlang na poste ay nakababa.

#### (Mga patakaran ng trapiko kapag nagmamaneho ng bisikleta)

- Bilang panuntunan, dumaan sa kaliwang gawi ng kalsada na isang hilera lamang.
- Sundin ang ilaw ng trapiko at huwag umandar sa pulang ilaw.
- Regular na panatiliing maayos at siyasatin ang preno at ilaw ng bisikleta.
- Huwag magmaneho ng may angkas, may hawak na payong, o dalawang bisikleta na magkatabi.
- Tiyaking bukas ang ilaw sa gabi.
- Huwag iparada sa isang lugar na makakagambala sa ibang trapiko.

#### (Mga patakaran ng trapiko kapag nagmamaneho ng sasakyan o motorsiklo)

- Tiyakin na dala ang lisensya sa pagmamaneho.
- Kapag sumakay sa sasakyan, gamitin lamang ng lahat ang seat belt.
- Kapag sumakay ng motorsiklo, tiyakin lamang na gumagamit ng helmet.
- Huwag magmaneho ng hindi na-inspeksyon o hindi walang insurance na sasakyan o motorsiklo.
- Huwag magparada sa isang lugar na bawal magparada ng sasakyan.
- Kapag nagkaroon ng aksidenteng trapiko, tiyak na ipabigay-alam ito sa pulisiya (Telepono: 110).



- ⑤ Samahan ng mga residente (City Hall, Civic Activity Division, Namamahala sa pagtaguyod ng pag-unlad ng komunidad Telepono: 0836-34-8233)

Ang samahan ng mga residente ay isang samahan na kusang binubuo ng mga residente. Sa lungsod, may mga lokal na samahan sa bawat lugar at housing complex, na nagsasagawa ng iba't ibang mga aktibidad upang makapamuhay nang matiwasay at ligtas. Halimbawa, ang paglilinis ng mga park at kalsada, pamamahala ng mga istasyon ng basura, mga aktibidad sa pag-iwas sa sakuna, pagdiriwang at palaro para sa mga residente upang mapaganda ang pagkakaibigan. Ang [Koho Ube] na may impormasyon mula sa mga ahensya ng pamahalaan ay madalas na ibinigay sa pamamagitan ng mga dokumento pinapaikot ng samahan ng mga residente (mga dokumento ng mga notipikasyon na paikot na pinapasa sa bawat sambahayan), kaya sumali lamang sa samahan ng mga residente.

Ngunit kapag sumali sa samahan ng mga residente, dapat sundin ang mga patakaran ng bawat samahan ng mga residente, tulad ng pagbabayad ng bayarin sa pagiging miyembro.

Magtanong lamang sa kinatawan ng bawat samahan para sa mga impormasyon tungkol sa pagsali, bayarin sa pagiging miyembro, mga patakaran, atbp.

Kung nais malaman ang kinatawan ng samahan ng mga residente sa inyong lugar, makipag-ugnay lamang sa mga kapit-bahay o sa namamahala sa pagtaguyod ng pag-unlad ng komunidad sa Civic Activity Division ng City Hall.

- ⑥ Pagtatapon ng basura (City Hall, Waste Management Division Telepono: 0836-34-8247)

Ang araw na maaaring itapon ang basura ay naiiba batay sa tinitirahang lugar. Tignan lamang ang [kalendaryo ng pagkolekta ng basura] nginyong lugar.

Maliban dito, dahil ang tinataguyod ng lungsod ang pagbawas at pag-recycle ng basura, ang mga basura na hindi sumusunod sa mga patakaran ng paghihiwalay at pagtatapon ay hindi makokolekta. Ang [iligal na pagtatapon], na inilalagay ang basura sa mga lugar na hindi itinakda para sa basura, ay mahigpit na pinarusahan ng batas.

(Mga patakaran ng paghihiwalay at pagtatapon ng basura)

- Ilagay sa supot ng basura na itinakda ng Lungsod ng Ube.
- Ilabas ang basura hanggang 8:30 ng umaga sa araw ng pagkolekta.
- Ilagay sa nakatakdang lugar (Gomi station).
- Hiwa-hiwalayin ng husto.

Tiyakin sa website, atbp ang mga uri ng basura at paraan ng pagtapon.

- Ang QR code ng website ng Lungsod ng Ube



(<https://www.city.ube.yamaguchi.jp/kurashi/gomi/dashikata/1001977/1002007.html>)

At madaling matignan ang paraan ng paghiwa-hiwalay ng basura at araw ng pagkolekta kapag nagdagdag ng kaibigan sa LINE na isang libreng app ng komunikasyon (wikang Hapon lamang ang tinutugunan)

- Ang QR code para magdagdag ng kaibigan sa LINE na isang libreng app ng komunikasyon



⑦ Pag-aaral ng wikang Hapon

Ang Lungsod ng Ube ay nagbukas ng klase ng wikang Hapon para sa mga dayuhang nais mag-aral ng wikang Hapon. Sa mga klase ng wikang Hapon na ito, makakapag-aral ng wikang Hapon batay sa antas ng kakayahan sa wikang Hapon.

Para sa mga detalye ng araw na mabubukas, nilalaman, atbp, makipag-ugnay lamang sa Nihongo Club.

Nihongo Club Ube    Telepono: 0836-33-0822

⑧ Pagmamaneho ng sasakyan (Yamaguchi Prefecture General Traffic Center    Telepono: 083-973-2900)

Upang makapagmaneho sa loob ng Japan ang mga may lisensya sa pagmamaneho ng dayuhang bansa, kailangan may hawak na isa sa mga sumusunod na lisensiya.

- Lisensiya sa pagmamaneho ng Japan
- International Driver's License na batay sa Geneva Convention
- Lisensya sa pagmamaneho ng mga bansang tinutugunan ng kataliwasan (Switzerland, Alemanya, Pransya, Belgian, Monaco, Estonia, Taiwan)

\* Kailangan ang isang salin ng lisensyan na ginawa ng ahensya ng konsulado o ng Japan Automobile Federation.

- Panahon na makakapagmaneho

Isang taon mula sa petsa ng pagpasok sa Japan o ang panahon ng bisa ng lisensya, alinman ang mas maikli. (Ngunit kapag ang taong naitala sa rehistro ng residente ay umalis sa Japan at bumalik sa Japan sa loob ng isang napakaikling panahon (mas mababa sa 3 buwan), ang petsa ng pagsisimula ay ang petsa ng unang pagpasok sa Japan.)

- Ang pagkuha ng lisensya sa pagmamaneho ng Japan

Kapag mayroong lisensya sa pagmamaneho ng dayuhang bansa at natutugunan ang sumusunod na kondisyon, pagkatapos masuri at kumpirmahing walang problema sa pagmamaneho sa Japan, bahagi ng pagsubok sa lisensya ng pagmamaneho (pagsubok sa paksa at pagsubok sa kasanayan) ay hindi ka kailangang gawin.

- Taong may balidong lisensya sa pagmamaneho ng dayuhang bansa at nanatili sa nasabing bansa ng 3 buwan o higit pa pagkatapos makuha ang lisensya.

#### 4. Pagtugon sa emerhensiya

(1) Sakit at pinsala: Bumbero (Telepono: 119)

Sa kaso ng biglaang sakit o malubhang pinsala, humingi ng tulong sa isang kakilala o kapitbahay, o tumawag ng ambulansya (Telepono: 119) sa pamamagitan ng telepono. Kapag tumawag ng ambulansya, sabihin kung ninyo saan nais na pumunta sila, ang inyong pangalan, at ang inyong telepono.

(2) Sunog: Bumbero (Telepono: 119)

Kapag nagkaroon ng sunog, sumigaw ng malakas ng "Sunog!" upang ipaalam sa mga tao sa paligid, at tawagan ang departamento ng bumbero (Telepono: 119), sabihin ang lokasyon ng sunog, ang inyong pangalan, at numero ng telepono. Kapag marami ang usok mula sa apoy, o nahahirapan kayong patayin ang apoy, maglagay ng basang tuwalya sa bibig o ilong, babaan ang postura, at agad na tumakas sa isang ligtas na lugar.

Maraming mga bahay na gawa sa kahoy sa Japan, at sa sandaling sumiklab ang apoy, kumakalat agad ito at maaaring kumalat sa mga kapitbahayan.

Pag-ingatan ang sumusunod na mga bagay sa araw-araw na pamumuhay.

- Maghanda ng isang fire extinguisher.
- Gawing ugali ang pagtiyak na pinatay ang apoy bago matulog o kapag lumabas.
- Huwag manigarilyo sa kama bago matulog, at huwag itapon pahagis ang upos ng sigarilyo.
- Upang maiwasan ang sunog dahil sa mga nakakadudang dahilan tulad ng panununog, huwag maglagay ng mga materyales na madaling masunog sa paligid ng bahay.
- Huwag lumayo sa lugar kapag nagluluto na gamit ang langis para sa tempura,
- Huwag maglaro ng apoy.

Dahil tuyo ang hangin kapag taglamig, maraming sunog ang nagyayari. Lubos na mag-ingat sa paggamit ng apoy.

(3) Aksidente sa trapiko at krimen: (Telepono: 110)

Kung nasasangkot sa isang aksidente sa trapiko o krimen, tumawag lamang sa pulisya at ipaliwanag ang sitwasyon.

#### (4) Lindol

Ang Japan ay isang bansa na maraming lindol. Tiyak ang pinakaligtas na lugar sa bahay, kung paano makontak sa pamilya sa oras ng emerhensiya, ang lugar na pupuntahan kapag lumisan, ang numero ng telepono ng embahada o konsulado, atbp.

Pag-ingatan ang mga sumusunod sa paghahanda para sa lindol.

- Maglagay ng flashlight, tuwalya, pampalit na damit, guwantes, inuming tubig, pagkain, mga gamit para sa first aid, mabibitbit na radyo, maskara, atbp, sa isang backpack, atbp, at ilagay ito sa isang lugar na mailalabas kahit kailan.
- Ang salamin ng mga bintana at istante ay dapat dikitan ng shatterproof film upang maiwasan ang pinsala kapag nabasag.
- Ikabit ang mga kasangkapan sa dingding upang ang mga kasangkapan sa bahay tulad ng mga estante ng libro at aparador ay hindi matumba at maging sanhi ng pinsala.
- Kapag nagkaroon ng lindol, gumamit ng mga almuhadon at unan sa loob ng bahay upang maprotektahan ang ulo mula sa mga nahuhulog na bagay at kumubli sa ilalim ng isang mesa. Kapag nasa labas naman, mag-ingat sa mga nahuhulog na bagay at panatilihin mababa ang postura sa isang malawak na lugar na malayo sa mga gusali, mga pader ng bloke, mga poste ng kuryente, atbp, upang maprotektahan ang katawan.
- Kapag lumikas, magsuot ng sapatos o tsinelas upang maiwasan ang pinsala mula sa basag na baso.
- Kapag lumikas, dalhin ang mga mahahalagang dokumento tulad ng pasaporte at Residence Card, atbp. At, pagkatapos ng isang malaking pag-uga, may panahon na magpatuloy ang pagdating ng mga kasunurang pag-uuga kaya mag-ingat lamang.

#### (5) Malakas na ulan sa panahon ng tag-ulan

Sa Japan, ang tag-ulan ay mula sa Hunyo hanggang Hulyo bawat taon, at ang peligro ng mga sakuna tulad ng pagguho ng lupa at pagbaha dahil sa matinding pagtaas ng ulan ay dumadami. Maging mag-ingat lamang sa pagsunod sa mga impormasyon ng panahon at balita mula sa lungsod.

#### (6) Bagyo at mataas na tubig sa dagat

Mula Agosto hanggang Oktubre ay ang panahon kung kailan ang mga bagyo ay lumalapi at dumarating sa kapuluan ng Japan. Kapag paparating ang bagyo, ang malakas na ulan na nagdudulot ng pagguho ng lupa at pagbaha, ang malakas na hangin, atbp, ay nagiging sanhi ng malaking pinsala sa malawak na lugar. Huwag lumabas nang hindi kinakailangan. Bigyang ng lubusang pansin ang mga impormasyon sa panahon at mga pahiwatig mula sa lungsod, at lumikas kaagad kapag naglabas ng impormasyon sa paglisan ang lungsod tulad ng mga payo sa paglisan at mga utos sa paglisan sa iyong lokasyon. At kahit na bago pa mailabas ang impormasyon sa paglikas, kung sa palagay ay mapanganib na, mahalaga na kusang loob na subukang lumikas sa lalong madaling panahon o humingi ng tulong sa mga kapit-bahay. Bilang karagdagan, ang Lungsod ng Ube ay malubhang napinsala ng pagtaas ng tubig sa dagat nang maraming beses na sa nakaraan. Ang pagtaas ng tubig sa dagat ay isang kaganapan na ang taas ng tubig ng dagat ay tumataas nang hindi normal malapit sa baybayin dahil sa bagyo o malakas na mababang presyon. Tignan nang maaga ang mapa ng panganib, o hazard map, at lumayo sa mga mapanganib na lugar kapag paparating ang isang bagyo.

Kapag nagkaroon ng isang sakuna at nanganganib ang iyong lokasyon, sumilong lamang sa ang shelter o emergency shelter na itinalaga ng Lungsod ng Ube. Gayunpaman, hindi lahat ng shelter o emergency shelter ay maaaring magamit para sa pagsilong laban sa lahat ng mga sakuna. Tignan nang maaga ang mga impormasyon tungkol sa mga shelter o emergency shelter na malapit sa inyo sa website ng lungsod. Kung mayroon anumang mga katanungan tungkol sa mga shelter o emergency shelter, magtanong lamang sa Disaster Prevention and Crisis Management Division ng City Hall (Telepono: 0836-34-8139).

Sa app ng impormasyon sa pag-iwas sa kalamidad sa ibaba ay maaaring gamitin sa iba't ibang mga paraan na nauugnay sa pag-iwas sa sakuna, tulad ng pagkuha ng impormasyon sa panahon at impormasyon sa paglisan, mga card ng komunikasyon na maaaring magamit sa isang kagipitan, at pagandahin ang kaalaman tungkol sa mga sakuna sa Japan.

Kapag may smartphone, gamitin lamang ito.

\*Tinutugunan ang 14 na wika (Ingles, Intsik (simple at tradisyonal), Koreyano, Hapon, Espanyol, Portuges, Vietnamese, Thai, Indonesian, Tagalog, Nepali, Khmer, Myanmar at Mongolia)

Ang detalyadong impormasyon ng app

- Pangalan ng app  
Safety tips

- Paraan ng pag-download

Ang mga gumagamit ng iOS terminal, i-download lamang mula dito.



Ang mga gumagamit ng android terminal, i-download lamang mula dito.



- Bayad sa paggamit

Libre \*Babayaran lamang ang singil sa komunikasyon sa paggamit ng app.

## 5. Mga telepono ng mga pampublikong pasilidad sa lungsod

\*Kapag tumawag, 0836 + telepono

### **City Hall, atbp.**

City Hall	31-4111
Board of Education	34-8604

### **Region Office at mga Civic Center**

Ube City North Region Office	67-2812
Higashikiwa Civic Center	58-2311
Nishikiwa Civic Center	51-9001
Konan Civic Center	41-8320
Hara Civic Center	41-8348
Koto Civic Center	62-0001
Futamatase Civic Center	62-0180
Ono Civic Center	64-2111

### **Mga Community Center at Neighborhood Center**

Higashikiwa Community Center	58-2098
Nishikiwa Community Center	51-9249
Onda Community Center	21-0349
Misaki Community Center	21-1625
Mizome Community Center	21-0348
Kamiube Hall Neighborhood Center	34-2535
Kamiube Community Center	21-1473
Kamihara Community Center	32-6280
Kotoshiba Community Center	21-1534
Shinkawa Community Center	21-2258
Unoshima Community Center	31-1862
Fujiyama Community Center	21-1608
Hara Community Center	43-1050
Koto Community Center	62-0049
Futamatase Community Center	62-0068
Ono Community Center	64-2024
Obayama Community Center	31-3677
Tokiwa Community Center	22-1455
Kawakami Community Center	35-1150
Konan Hall Neighborhood Center at Konan Community Center	41-8155
Nishiube Community Center	44-0878

Kuroishi Community Center	44-0881
Funaki Community Center	67-1183
Magura Community Center	67-0201
Kibe Community Center	68-0001

**Mga pasilidad ng kultura at edukasyon**

Watanabe Memorial Hall	31-7373
Cultural Hall	31-7373
Library	21-1966
Youth Center	31-5515
General Welfare Hall	33-3156
Gender Equality Center For You	33-4004
Multi-Generational Community Center	38-7000
Kusunoki General Center	67-1200
Coal Memorial Hall	31-5281
Tokiwa Museum	37-2888
Tokiwa Lakefront Hall	51-7057
Act Village Ono	64-5111
Kusunoki Komorebino-sato	67-2617
Historia Ube	37-1400
Ginten Eco Plaza	39-8110
Manabi no Mori Kusunoki	67-1277

**Mga pasilidad ng kalusugan at medikal**

Public Health Center	31-1777
Kusunoki Health Center	67-1273
Holiday and night emergency clinic	31-1099

**Pasilidad sa pagkolekta ng basura**

Environmental Preservation Center	31-3664
-----------------------------------	---------

**Pasilidad ng bumbero**

Fire Department at Ube Central Fire Department	21-6111
--	---------

**Mga pasilidad para sa edukasyong pisikal**

Tawarada Memorial Gymnasium	31-1506
Seibu Gymnasium	21-9246
Budokan (Martial Art Gymnasium)	35-4080
Kusunoki Youth Center	67-2150
Higashikiwa Sports Plaza	31-1507
Tobu Sports Plaza	31-1507
Konan Sports Plaza	21-9246
Kuroishi Sports Plaza	21-9246
Kusunoki Sports Plaza	67-2150
Kusunoki Nishiyama Sports Park	67-2150
Kusunoki Tennis Court	67-2150
UPR Stadium	29-0089
Onda Sports Park Athletic Track Field	31-1507
Onda Sports Park Supplementary Track Field	31-1507
Chuo Park Tennis Courts	32-7759
Chuo Park Japanese Archery Gym	31-4548
Chuo Park Archery Gym	31-1507
Tokiwa Park Multipurpose Plaza	31-1507
Tokiwa Park Soccer Field	31-1507
Sun Life Ube Gym	22-0541
Pal Center Ube	31-2212



## 6. Mga lugar na maaaring kumonsulta maliban sa Lungsod ng Ube

- Yamaguchi Multilingual Consultation Center (Sa loob ng Yamaguchi International Exchange Association)  
Multilingual na konsultasyon, paglutas ng problema sa pakikipagtulungan sa mga nauugnay na samahan, dalubhasang konsultasyon sa batas, pagpapakilala ng mga abogado o administratibong eskriba, interpreter o translador na tagasuporta, atbp.  
3<sup>rd</sup> Floor, Mizunoue Gov't Bldg, 1-7 Mizunoue-cho, Yamaguchi City, Yamaguchi Prefecture 753-0082  
Telepono: 083-995-2100 <http://yiea.or.jp/>
  
- Council of Local Authorities for International Relations (CLAIR)  
<http://www.clair.or.jp/index.html>  
1<sup>st</sup>, 6<sup>th</sup>, 7<sup>th</sup> Floor, Sogo Hanzomon Building, 1-7 Kojimachi, Chiyoda-ku, Tokyo 102-0083  
Telepono: 03-5213-1730 Fax: 03-5213-1741
  
- Immigration Information Center  
<https://www.visajapan.jp/chishiki3-2.html>  
Ito ay isang information center kung saan nagbibigay ang Immigration Bureau ng libreng konsultasyon tungkol sa aplikasyon ng visa.
  
- Japan Legal Support Center, Multilingual Information Service  
<https://www.houterasu.or.jp/multilingual/index.html>  
Ito ay isang serbisyo sa pagbigay ng mga impormasyon ng itinatag ng pamahalaan na pangkalahatang sentro ng impormasyon para sa paglutas ng mga ligal na problema.
  
- Yorisoi Hotline  
<https://www.since2011.net/yorisoi/n2/>  
Kasamang maghahanap ng mga paraan upang malutas ang anumang mga problema tulad ng mga problema sa trabaho, mga problema sa buhay, mga problema sa puso, mga problema sa pamilya, mga problema sa pera, mga problema sa sakit, atbp.
  
- Ministry of Justice Foreign Language Human Rights Hotline  
<http://www.moj.go.jp/JINKEN/jinken21.html>  
Ito ay isang telepono ng konsultasyon para sa pagtugon sa mga konsultasyon sa karapatang pantao mula sa mga taong hindi kayang magsalita ng wikang Hapon.
  
- Konsultasyon sa telepono para sa mga dayuhang manggagawa  
Tinutugunan ang mga konsulta mula sa mga dayuhang manggagawa, tulad ng pagpaliwanag ng mga batas at regulasyon tungkol sa mga problema na nauugnay sa mga kondisyon sa pagtatrabaho at pagpapakilala sa mga nauugnay na samahan.  
Bldg No. 2, Joint Government Building, 6-30 Kami-hatchobori, Naka-ku, Hiroshima City 730-8531  
Telepono: 082-221-9242

- AMDA International Medical Information Center

<https://www.amdamedicalcenter.com/>

Ito ay isang samahang NPO na nagbibigay ng impormasyon tungkol sa mga medikal na institusyon at nagsasalin ng mga teleponong medikal para sa mga dayuhan na hindi marunong magsalita ng wikang Hapon.



Naglagay kami ng isang pahina sa Facebook sa wikang Ingles, upang magbigay ng mga impormasyon mula sa Lungsod ng Ube at mga impormasyong kinakailangan para sa pang-araw-araw na pamumuhay sa mga dayuhang residente na naninirahan sa Lungsod ng Ube.



Lungsod ng Ube – pahina sa wikang Ingles

Nagbibigay kami ng komprehensibong konsultasyon sa lahat ng mga pamamaraan sa pamahalaan na kinakailangan sa pang-araw-araw na pamumuhay.

Tinutugunang wika: Wikang Ingles, Intsik (wikang Peking), Koreyano, Thai, Ruso, Portuges, Espanyol, Biyetnam, Indonesiya, Nepali, Pranses, Aleman, Italyano, Tagalog, Malay, Myanmar, Khmer, Mongolian, Sinhala

Telepono: 0836-34-8136 (Lunes - Biyernes 8:30 - 17:15)

Serbisyo ng Pangkalahatang Konsultasyon para sa mga Dayuhan ng Lungsod ng Ube  
(Ube City General Consultation Service for Foreigners)

**Turismo ng Lungsod ng Ube at  
Dibisyon para sa Global na Pagtataguyod  
(Ube City Tourism and Global Promotion Division)**